Australian Red Cross

Tagalog

# Programa ng Tulong sa Pananalapi ng Australian Red Cross para sa Karahasan sa Pamilya at Tahanan

Ang Programa ng Tulong sa Pananalapi ng Australian Red Cross para sa Karahasan sa Pamilya at Tahanan (FDV - Family and Domestic Violence) ay magbibigay ng tulong sa pananalapi at suporta sa casework sa marapat na mga tao na may hawak na pansamantalang visa, o walang katiyakan ang katayuan ng visa, nakakaranas ng karahasan sa pamilya at tahanan, at nangangailangan ng suporta sa pananalapi.

**Maaari kang maging marapat kung natugunan mo ang sumusunod na mga pamantayan**

- *Hindi* ka isang mamamayan ng Australya o isang permanenteng residente, *at*
- Nakakaranas ka o nasa peligro ng karahasan sa pamilya at tahanan, at
- Nakakaranas ka ng kahirapan sa pananalapi

**Paano ako makakakuha ng suporta?**

Maaari kang mag-aplay para sa tulong sa online sa **www.redcross.org.au/familyviolencerelief**.

Kung kailangan mo ng tulong upang makagawa ng aplikasyon makipag-ugnay sa Red Cross sa 1800 RED CROSS (1800 733 276) sa oras ng negosyo, Lunes hanggang Biyernes, o mag-email sa NAT_FDV_PILOT@redcross.org.au.

Kumpidensyal ang pakiki-ugnay mo sa Red Cross. Pinapanatili naming ligtas sa lahat ng oras ang impormasyong ilalagay mo sa iyong aplikasyon.

Kung kailangan mo ng isang interpreter, maaari kang makipag-ugnay sa Translating and Interpreting Service sa 131 450, sabihin ang iyong piniling wika at hilingin na maikonekta ka sa 1800 733 276.

**Paano magsangguni ng isang kliyente**

Kung ang isang indibidwal ay kasalukuyang sinusuportahan ng espesyalistang ahensya ng FDV o iba pang serbisyo, ang pinakamabilis at pinakaligtas na paraan upang gumawa ng pagsangguni ay ang pagbisita ng ahensya sa website, pagsagot sa form ng pagsangguni (referral form), at pagtulong sa kliyente na makapagrehistro nang mag-isa.

**May makukuhang karagdagang suport**

Makukuha ang karagdagang suporta sa pamamagitan ng sumusunod na mga libreng serbisyo

| | |
|---|---|
| **1800 737 732** | 1800 RESPECT - pambansang helpline sa sekswal na pag-atake at karahasan sa tahanan |
| **13 11 14** | Suportang lifeline sa krisis at pagpigil sa pagpapakamatay |
| **1800 55 1800** | Kids Helpline |

**Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa www.redcross.org.au/familyviolencerelief**